

I-update ang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para Manatiling Makipag-ugnayan sa FEMA

Release Date: Pebrero 14, 2023

LAKE MARY, Fla. –Dapat tiyakin ng mga aplikante para sa tulong ng FEMA pagkatapos ng Bagyong Ian at Bagyong Nicole na nasa FEMA ang kanilang kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Maaaring kailanganin ng FEMA na makipag-ugnayan sa mga aplikante para sa higit pang impormasyon o upang ayusin ang isang inspeksyon sa bahay upang i-verify ang pinsala.

Kung ikaw ay isinangguni para sa isang inspeksyon ng FEMA at naghihintay ng tatlong linggo o mas matagal pa, makipag-ugnayan sa FEMA upang tingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon. Kung nagbago ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, dapat mong i-update kaagad ang iyong aplikasyon sa FEMA.

Upang i-update ang iyong impormasyon, maaari kang lumikha ng isang account sa DisasterAssistance.gov at i-click ang berdeng icon na may pamagat na "Tingnan ang Katayuan," at sundin ang mga senyas upang lumikha ng isang account o ma-access ang iyong account, tumawag sa 800-621-3362 mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET o bisitahin ang isang Disaster Recovery Center. Para makahanap ng center na malapit sa iyo, i-textang "DRC" at ang iyong Zip Code sa 43362 o bisitahin ang fema.gov/drc.

Dapat i-update ng mga aplikante ang FEMA tungkol sa mga pagbabago sa insurance, kasalukuyang sitwasyon sa pabahay, numero ng telepono, address sa pagpapadala at iyong kagustuhan sa pagbabayad. Ang nawawala o maling impormasyon ay maaaring maantala ang tulong pinansyal na maaaring karapat-dapat mong matanggap. Kapag nakikipag-ugnayan sa FEMA, sumangguni sa siyam na digit na numero na itinalaga sa iyo noong nag-apply ka.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Ian at Bagyong Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov/disaster/4673 o fema.gov/disaster/4680. Sundan sa [FEMA Rehiyon 4 \(@femaregion4\)](https://www.facebook.com/fema) / Twitter at sa [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).



FEMA

Page 1 of 1